
2

# MTB – MLE

## Unang Markahan – Modyul 18: Pagkakaiba ng Pangungusap sa Hindi Pangungusap



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q1_MTB2_Module 18

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MTB-MLE– Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 18: Pagkakaiba ng Pangungusap sa Hindi Pangungusap**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban samodyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Maridel Dela Cruz

**Editor:** Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay

**Tagasuri:** Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Marie Ann C. Ligsay

**Tagaguhit:** Maridel Dela Cruz

**Tagalapat:** Cristina T. Fangon, Edeliza T. Manalaysay

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Merlinda T. Tablan, Ellen C. Macaraeg, Elena V. Almario

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng ____________________**

**Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# MTB - MLE

## Unang Markahan – Modyul 18: Pagkakaiba ng Pangungusap sa Hindi Pangungusap

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makatutukoy ng pagkakaiba ng pangungusap sa hindi pangungusap. Ito ay maaari mo ring magamit sa makabuluhan at mabisang pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon.
MT2GA-Ig-4.1

## *Subukin*

Panuto: Isulat ang tsek ( ✓ ) sa patlang kung ang nakasulat ay pangungusap at ekis (x) kung hindi pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

_____1. masarap na pagkain

_____2. Mag-ingat ka sa labas.

_____3. Nasa ospital si Mario.

_____4. Takpan ang bibig kung umuubo.

_____5. ang Corona Virus

# Aralin 1: Pagkakaiba ng Pangungusap sa Hindi Pangungusap

Madalas ay nahihirapang kilalanin ng isang batang tulad mo kung alin ang pangungusap at hindi pangungusap sa mga tekstong iyong nababasa. Ito ang tatalakayin sa aralin ngayon.

## *Balikan*

Panuto: Pag-ugnayin ang mga salita sa Hanay A at Hanay makabuo ng pangungusap.  Isulat ang tamang letra ng sa


| A | B |
|---|---|
| 1. Ang baon ni Juan | A. ng tumbang preso ang magpipinsan. |
| 2. Malapit sa paaralan | B. ang mga gawaing bahay |
| 3. Masayang naglalaro | C. ang aming bahay. |
| 4. Tinutulungan ko si nanay na tapusin | D.  ang gulay at prutas |
| 5. Masustansyang pagkain | E. ay tinapay at orange juice |

## *Tuklasin*

Masayang oras ang **recess** para sa bawat mag-aaral. Ito ang oras na sila ay pumupunta sa kantina at bumibili ng masarap na pagkain. Ito ay isang magandang pagkakataon upang maipakita ang pagiging matapat nang isang batang tulad mo? Basahin mo ang kuwento at unawain.

### Oras ng Recess

Akda ni Maridel T. Dela Cruz



Isang umaga sa klase ng Mother Tongue, masayang nakikinig ang batang si Mila. Ang kanilang guro na si Bb. Cita Torres ay tuwang-tuwa dahil lahat ng mga mag-aaral ay nakikilahok sa talakayan. Matapos ang pagkopya sa takdang-aralin, tumunog ang **bell** hudyat ng recess kaya tuwang-tuwa si Mila. Inabutan niya ang maraming bata na nakapila at bumibili sa kantina. Matapos ang ilang minuto ay nakabili rin siya.

Habang naglalakad pabalik sa silid-aralan ay napansin niyang sobra ang sukli. Dali-dali siyang bumalik sa kantina. Kinausap niya ang tindera at ibinalik ang sobrang sukli. “Maraming salamat. Isa kang matapat na bata,” wika ng tindera. Napangiti naman si Mila. “Wala pong anuman.” sabi ni Mila. Masayang lumakad si Mila pabalik sa kanilang silid-aralan.

## *Suriin*

**Panuto**: Basahin at sagutan ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
2. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
3. Saan nagpunta si Mila nang tumunog ang bell?
4. Bakit bumalik si Mila sa kantina?
5. Sa iyong palagay, tama ba ang ginawa ni Mila? Bakit?

Ating kilalanin ang pagkakaiba ng pangungusap at hindi pangungusap.

Ang **pangungusap** ay salita o grupo ng mga salita na may buong diwa. Ito ay nagsisimula sa malaking letra at nagtatapos sa iba’t ibang bantas ayon sa nais na ipahayag nito.

Samantala, ang **hindi pangungusap** ay tinatawag na parirala. Binubuo ito ng dalawa o higit pang salita subalit wala itong paksa o buong diwa. Hindi malinaw ang mensahe na nais sabihin.

**Mga halimbawa ng Pangungusap:**

1. Ang mga bata ay nakikilahok sa talakayan.
2. Tumunog na ang bell.
3. Maayos na nakapila ang mga bata sa kantina.
4. Isinauli ni Mila ang sobrang sukli.
5. Si Mila ay matapat na bata.

**Mga halimbawa ng Hindi Pangungusap:**

1. isang umaga
2. ang pagkopya sa
3. naglalakad pabalik
4. sobrang sukli
5. masayang lumakad



*Mga Tala para sa Guro*

Gabayan ang mag-aaral sa pagsagot ng mga Pinatnubayang Pagsasanay.

# *Pagyamanin*

## Pinatnubayang Pagsasanay 1

**Panuto**: Isulat ang **P** kung ang mga sumusunod ay pangungusap, **HP** kung Hindi Pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

_____ 1. Ang paborito kong laruan ay robot.

_____ 2. matutulog nang maaga

_____ 3. Si Maria ay nasa ikalawang baitang na.

_____ 4. Masipag magwalis sa silid-aralan si Rina.

_____ 5. tahimik na bata

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

**Panuto**: Iguhit sa papel ang ☆ kung ito ay pangungusap at O kung ito ay hindi pangungusap.

_____ 1. sa bukid namasyal

_____ 2. Nagpunta sa palengke si Nanay.

_____ 3. Nagwalis sa bakuran ang magkapatid.

_____ 4. Ngayon ang kaarawan ni Elisa.

_____ 5. bumili ng isang kilong bigas

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

**Panuto**: Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B upang makabuo ng mga pangungusap. Letra lamang ang isulat sa papel.

| A | B |
|---|---|
| ____ 1. Ang nanay ay | A. isang magsasaka. |
| ____ 2. Umiiyak ang sanggol | B. mabait na bata. |
| ____3. Ang aking ama ay | C. dahil siya'y nagugutom. |
| ____ 4. Si Dino ay | D. masarap magluto. |
| ____ 5. Kami ay naglalaro | E. ng tumbang preso. |

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

**Panuto**: Basahin ang teksto. Isulat sa sagutang papel ang **tama** kung ang pangungusap ay wasto at **mali** kung hindi.

Pabalik na kayo sa inyong silid-aralan kakatapos ng **flag ceremony** sa **covered court**. Sa tapat ng inyong silid-aralan may nakita kang pitaka. Ito ay iyong pinulot. Nais mong isauli sa may-ari ngunit di mo ito kilala. Ibinigay mo ito sa iyong guro upang maibalik sa may-ari.



__________1. Ibinalik ang pitaka sa may-ari.



__________2. Itago mo na lang

__________3. Halika, pumunta tayo sa kantina.

__________4. Ilagay sa pitaka

__________5. Ibigay sa guro ang pitaka.

## Malayang Pagsasanay 1

**Panuto**: Iguhit ang masayang mukha  kung ang nakasulat ay pangungusap at malungkot na mukha  kung hindi pangungusap. Isulat sa papel ang sagot.

_____1. Ang ikalawang baitang ay nakapila nang maayos.

_____2. Ang aming punong-guro ay si Gng. Carmi Dizon.

_____3. may regalong manika

_____4. Masaya ang mamasyal sa parke.

_____5. sa may restawran

## Malayang Pagtatasa 1

**Panuto**: Sagutin ang mga tanong upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang sagot sa papel.

1. Ano ang paborito mong gulay?

   Ang paborito kong ______________________________

2. Ano ang pangalan ng iyong guro?

   Ang guro ko ay si ________________________________

3. Saan kayo nagbakasyon ng iyong pamilya?

   Kami ay nagbakasyon sa __________________________

4. Sino ang lagi mong kalaro sa inyong bahay?

Ang lagi kong kalaro ay si___________________________

5. Ano ang gagawin mo upang makakuha ng mataas na marka?

Ako ay ____________________________________________

## Malayang Pagsasanay 2

**Panuto**: Piliin ang wastong parirala sa loob ng kahon upang mabuo ang diwa ng pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot papel.

| | |
|---|---|
| A. aking mga kaibigan | C. maaga sa paaralan |
| B. pagwawalis ng bakuran | D. ngunit matinik |
| E. nagsasanay ako | |

1. Tumutulong ako sa ___________________ tuwing Sabado.
2. Nakikipaglalaro ako sa _________________ pagkatapos gumawa ng takdang-aralin.
3. Mabango ang rosas _________________.
4. Pag-uwi ko sa bahay, _________________ ng pagbasa.
5. Pumasok nang ___________________ si Leni.

## Malayang Pagtatasa 2

**Panuto**: Sumulat ng buong pangungusap at hindi pangungusap sa mga salitang nakatala sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. **paaralan**

pangungusap: ____________________________________

2. **gatas**

pangungusap: ____________________________________

3. **kaibigan**

pangungusap: ____________________________________

4. **lapis**

hindi pangungusap: ______________________________

5. **bag**

hindi pangungusap: ______________________________



## *Isaisip*

Ang **pangungusap** ay nagsasaad ng ____________.

Nagsisimula ito sa ___________ titik. Nagtatapos ito sa

angkop na ___________.

Ang **hindi pangungusap** kilala sa tawag na ____________.

Ito ay ___________ nagsasaad ng buong diwa.

## *Isagawa*

**Panuto**: Sumulat ng tatlong (3) pangungusap at dalawang (2) hindi pangungusap tungkol sa larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



A. Pangungusap


1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________

B. Hindi Pangungusap

1. ____________________________
2. ____________________________

## *Tayahin*


**Panuto**: Tingnan ang mga larawan. Isulat sa sagutang papel ang **P** kung ito ay pangungusap at **HP** kung hindi pangungusap.

1.  Matibay ang punong Narra.

2.  bahay na bato

3.  Siya ay nagdarasal.

4.  maamong aso

5.  Ang aklat ay may maraming kuwento.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Basahin ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa buong pangungusap.

1. Ilang taong gulang ka na?

 ______________________________________________

2. Saang paaralan ka nag-aaral?

 ______________________________________________

3. Ilan ang lapis mo sa iyong bag?

 ______________________________________________

4. Ano ang paborito mong ulam?

 ______________________________________________

5. Kailan kayo namamasyal ng pamilya mo?

 ______________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Suriin | |
|---|---|---|---|
| 1. X<br>2. /<br>3. /<br>4. /<br>5. X | 1. E<br>2. C<br>3. A<br>4. B<br>5. D | 1. Oras ng Recess<br>2. Mila, Bb. Torres, tindera<br>3. sa kantina<br>4. Isauli ang sobrang sukli<br>5. Opo, dahil dapat po tayong maging matapat sa lahat ng pagkakataon. | |
| Pagyamanin | | | |
| Pinatnubayang Pagsasanay<br>1. P<br>2. HP<br>3. P<br>4. P<br>5. HP | Pinatnubayang Pagtatasa 1<br>1. ❍<br>2. ☆<br>3. ☆<br>4. ☆<br>5. ❍ | Pinatnubayang Pagsasanay 2<br>1. D<br>2. C<br>3. A<br>4. B<br>5. E | Pinatnubayang Pagtatasa 2<br>1. Tama<br>2. Tama<br>3. Tama<br>4. Mali<br>5. tam |
| Malayang Pagsasanay 1<br>1. ☺<br>2. ☺<br>3. ☹<br>4. ☺<br>5. ☹ | Malayang Pagtatasa 1<br>Maari na magkakaiba ng sagot<br>1. Ang paborito kong gulay ay ____.<br>2. Ang pangalan ng aking guro ay ____.<br>3. Kami ay nagbakasyon sa _____.<br>4. Ang lagi kong kalaro sa aming bahay ay si _____.<br>5. Ako ay ______. | Malayang Pagsasanay 2<br>1. B<br>2. A<br>3. D<br>4. E<br>5. C | Malayang Pagtatasa 2<br>Maari na magkakaiba ang pangungsap at parirala isusulat ng mga bata sa bawat salita. |
| Isagawa<br>Suriin at itama ang ginawang pangungusap ng mag-aaral. | Tayahin<br>1. P<br>2. HP<br>3. P<br>4. HP<br>5. P | Karagdagang Gawain<br>Suriin at itama ang sagot ng mag-aaral (1-5) | |

# *Sanggunian*

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

**Para samgakatanungan o puna, sumulat o tumawagsa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph